

# Bakuna sa Polyo

## Ano Ang Kailangan Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Spanish and other languages. See [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis).

Maraming mga Pahayag sa Impormasyon sa Pagbakuna ay makukuha sa Espanyol at ibang mga wika. Tingnan ang [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis).

### 1 Ano ang polyo?

Ang polyo ay sakit na sanhi ng mikrobyo. Pumapasok ito sa katawan sa pamamagitan ng bibig. Karaniwan ay hindi ito nagdudulot ng malalang sakit. Ngunit minsan ay nagdudulot din ito ng pagkaparalisa (hindi magalaw ang braso o binti), at maaari itong magdulot ng meningitis (iritasyon sa paligid ng utak). Maaari itong ikamatay ng mga taong nakakakuha nito, karaniwan sa pamamagitan ng pagpaparalisa ng mga kalamnan na tumutulong sa kanilang huminga.

Ang polyo ay dating napakakaraniwan sa Estados Unidos. Nakaparalisa ito at nakamatay ng libo-libong tao taon-taon bago tayo nagkaroon ng bakuna.

### 2 Bakit magpapabakuna?

**Ang Hindi Aktibong Bakuna ng Polyo (Inactivated Polio Vaccine) (IPV) ay makakapigil sa polyo.**

**Kasaysayan:** Ang epidemiko ng polyo noong 1916 sa Estados Unidos ay pumatay sa 6,000 tao at nakaparalisa sa 27,000 pa. Nung unang panahon ng 1950's may mahigit sa 25,000 kaso ng polyo na nauulat kada taon. Ang pagbabakuna sa polyo ay sinimulan noong 1955. Nung 1960 ang bilang ng mga nauulat na kaso ay bumaba sa tinatayang 3,000, at noong 1979 mayroon na lang tinatayang 10. Ang tagumpay ng pagbabakuna sa polyo sa U.S. at ibang mga bansa ay nagsimula ng pandaigdigang pagsusumikap na alisin ang polyo.

**Ngayon:** Wala nang polyo sa Estados Unidos. Ngunit ang sakit ay karaniwan pa rin sa ilang bahagi ng mundo. Isang taong may mikrobyo ng polyo lang mula sa ibang bansa ang kailangan upang ibalik ang sakit dito kung hindi ka naprotektahan ng bakuna. Kung ang pagsusumikap na alisin ang sakit mula sa mundo ay tagumpay, darating ang araw na hindi na natin kakailanganin ang bakuna sa polyo. Hanggang hindi dumarating iyon, kailangan nating patuloy na pabakunahan ang ating mga anak.

### 3 Sino ang dapat magpabakuna sa polyo at kailan?

Ang IPV ay isang iniksiyon, tinuturok sa braso o binti, depende sa edad. Maaari itong ibigay kasabay ng ibang mga bakuna.

#### Mga Bata

Ang mga bata ay makakatanggap ng 4 na dosis ng IPV, sa mga edad na ito:

- Isang dosis sa 2 buwan
- Isang dosis sa 4 na buwan
- Isang dosis sa 6-18 buwan
- Isang booster na dosis sa 4-6 na taong gulang

Ang ilang mga “kumbinasyon” na bakuna (ilang magkakaibang bakuna sa parehong iniksiyon) ay naglalaman ng IPV. Ang mga batang nakakatanggap ng mga bakunang ito ay maaaring makakuha ng isa pang (ika-5) dosis ng bakuna sa polyo. Hindi ito problema.

#### Mga Nasa Tamang Gulang

Karamihan ng mga nasa tamang gulang na 18 o mas matanda ay hindi kailangan ng bakuna sa polyo dahil nabakunahan na sila bilang mga bata. Ngunit ang ilang mga nasa tamang gulang ay nasa mas mataas na peligro at dapat isaalang-alang ang pagbabakuna sa polyo:

- (1) mga taong nagbibiyahang sa mga lugar sa mundo na karaniwan ang polyo,
- (2) mga trabahador sa laboratoryo na maaaring namamahala sa mikrobyo ng polyo, at
- (3) mga manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan ng mga pasyente na maaaring mayroong polyo.

Ang mga nasa tamang gulang na nasa tatlong pangkat na ito:

- na **hindi kailanman nabakunahan laban sa polyo** ay dapat kumuha ng 3 dosis ng IPV:
  - Dalawang dosis na ang puwang ay 1 hanggang 2 buwan, at
  - Ikatlong dosis na 6 hanggang 12 buwan makalipas ang ikalawa.
- na nagkaroon ng **1 o 2 dosis** ng bakuna ng polyo sa nakaraan ay dapat kumuha ng natitirang 1 o 2 dosis. Hindi mahalaga kung gaano katagal mula ang mas naunang (mga) dosis.
- ang mga nagkaroon ng **3 o mas maraming dosis** ng bakuna ng polyo ng mga nakaraan ay maaaring kumuha ng booster na dosis ng IPV.

Mabibigyan ka ng doktor mo ng karagdagang impormasyon.

**4****Ang ilang tao ay hindi dapat kumuha ng IPV o dapat maghintay.****Ang mga taong ito ay hindi dapat kumuha ng IPV:**

- Sinumang may banta-sa-buhay na alerhiya sa anumang bahagi ng IPV, kasama ang antibiotics na neomycin, streptomycin o polymyxin B, ay hindi dapat magpa-bakuna sa polyo. Sabihin sa doktor mo kung mayroon kang anumang mga malalang alerhiya.
- Sinumang may malalang alerhiyang reaksiyon sa nakaraang iniksiyon sa polyo ay hindi dapat kumuha ng isa pa.

**Ang mga taong ito ay dapat maghintay:**

- Sinumang may katamtaman o malalang sakit sa panahon na nakatakda ang iniksiyon ay dapat maghintay hanggang gumaling sila bago makakuha ng bakuna sa polyo. Ang mga taong may kaunting sakit katulad ng sipon, ay maaaring magpabakuna.

Tanungin ang iyong doktor para sa karagdagang impormasyon.

**5****Ano ang mga peligro mula sa IPV?**

Ang ilang mga tao na nakakuha ng IPV ay nagkakaroon ng pananakit sa lugar kung saan binigay ang iniksiyon. Hindi kilala ang IPV na magdulot ng mga malalang problema, at karamihan ng mga tao ay hindi nagkakaproblema dito.

Subalit, ang anumang gamot ay maaaring magdulot ng malalang hindi inaasahang epekto, katulad ng alerhiyang reaksiyon o pati kamatayan. Ang peligro ng bakuna sa polyo na magdulot ng pinsala ay napakaliit.

**6****Paano kung may katamtaman o malalang problema?****Ano ang dapat kong hanapin?**

Maghanap ng anumang hindi karaniwang kundisyon, katulad ng malalang alerhiyang reaksiyon, mataas na lagnat o hindi karaniwang asal.

Kung may maganap na malalang alerhiyang reaksiyon, ito ay magaganap sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras makalipas ang iniksiyon. Maaaring kasama sa mga senyales ng malalang alerhiyang reaksiyon ang hirap sa paghinga, kahinaan, pagkapaos o paghuni, mabilis na tibok ng puso, pagbubutlig, pagkahilo, pamumutla o pamamaga ng lalamunan.

**Ano ang dapat kong gawin?**

- **Tumawag** sa doktor o dalhin agad ang tao sa doktor.
- **Sabihin** sa iyong doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at oras kung kailan into naganap at kailan ibinigay ang bakuna.

- **Ipaulat** sa doktor mo ang reaksiyon sa pagpuno ng Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS) na pomularyo.

O maaari mong isumite ang ulat na ito sa pamamagitan ng website ng VAERS sa [www.vaers.hhs.gov](http://www.vaers.hhs.gov), o sa pagtawag sa **1-800-822-7967**.

*Hindi nagbibigay ang VAERS ng payong medikal.*

**7****Ang Pambansang Programa sa Bayad sa Pinsala ng Bakuna (The National Vaccine Injury Compensation Program)**

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) ay nilikha noong 1986.

Ang mga taong naniniwala na maaaring napinsala sila ng bakuna ay maaaring matuto tungkol sa programa at tungkol sa pagsumite ng paghiling sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-338-2382** o pagbisita sa website ng VICP sa [www.hrsa.gov/vaccinecompensation](http://www.hrsa.gov/vaccinecompensation).

**8****Paano pa ako matututo?**

- Tanungin ang iyong doktor. Mabibigyan ka nila ng isinisingit sa pakete ng bakuna o magmumungkahi ng ibang mga pagmumulan ng impormasyon.
- Tumawag sa iyong departamento ng pangkalusugan na lokal o ng estado.
- Makipag-ugnayan sa Mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention) (CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o bumisita sa website ng CDC sa [www.cdc.gov/vaccines](http://www.cdc.gov/vaccines)

Vaccine Information Statement (Interim)

**Polio Vaccine**

Tagalog

11/8/2011

42 U.S.C. § 300aa-26

Translation provided by the California Department of Public Health